Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Nobyembre 11, 1981

KAUTUSANG PANGMINISTRI
Blg. 59, s. 1981

MGA SUSOG AT PANUNTUNAN SA HIGIT NA MABISANG PAGGAMIT NG SILABUS SA PILIPINO 2 NA KALAKIP NG KAUTUSANG PANGMINISTRI BLG. 22, s. 1978

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala
Mga Puno ng Pang-estadong Dalubhasaan at Pamantasan
Mga Puno ng Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Bilang tugon sa kahilingan ng mga guro sa larangan na ang mga kinatawan ay dumalo sa Talakayang Pangwika '81, kaugnay ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika noong Agosto 13, 1981, na mapabuti ang silabus sa Pilipino 2, sa pagtataguyod ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP), Kawanihan ng Lalong Mataas na Edukasyon (KLME), Kapisanan ng mga Propesor at Guro sa Pilipino (KAPPIL), Pambansang Samahan sa Lingguwistikang Pilipino (PSLP), at Paaralang Gradwado ng Pamantasang Manuel Luis Quezon, inilalagda ang sumusunod na mga susog at panuntunan sa higit na mabisang paggamit ng silabus sa Pilipino 2 na inihanda ng lupon ng mga dalubhasa sa pangunguna ng SWP at KLME:

a. Mga Susog

(1) Ang kursong Pilipino 2 ay tatawaging Panitikang Pilipino: Isang Pagpapahalaga, upang hindi maipagkamali sa saklaw at pamagat ng ibang kurso.

(2) Upang mabatid at magsilbing pangganyak sa mag-aaral, idagdag bilang ika-5 sa tiyak na layunin ang "makapag-uugnay ng mga pangyayari sa lumang panitikan sa kasalukuyang pangyayari at karanasan."

(3) Ang mga akdang nasusulat sa iba-ibang wikang katutubo sa Pilipinas ay bahagi ng panitikang Pilipino. Dahil dito, katungkulan ng guro, halimbawa, na nagtuturo ng Panitikang Pilipino sa pook na ang unang wika ay Ilokano, na gawin ang lahat niyang makakaya na ipabasa sa mga tinuturuan bilang bahagi ng Panitikang

katutubo ang Biag Ni Lam-ang na nasusulat sa Ilokano. Ang talakayan at pagpapahalaga ay sa Pilipino. Ganito rin ang maaaring gawin ng mga guro sa iba't ibang pook na may mga akdang nasusulat sa iba-ibang wikang katutubo. Para sa mga guro sa katagalugan, ipabasa ang mga akdang ito sa salin sa Pilipino sa pasubaling dapat sikapin ng guro na piliin ang pinakamahusay na salin.

(4) Maaaring payamanin ang mga paksang nasa Panitikan sa Kasalukuyan sa pagdaragdag ng mga akdang nananalo sa mga kasalukuyang patimpalak, halimbawa ng SWP, Cultural Center of the Philippines, Palanca Memorial Awards for Literature at iba pa.

(5) Para sa karagdagang aklat-sanggunian, tingnan ang kalakip na bibliyograpiya.

b. Mga Panuntunan:

(1) May mga duplikasyong nagaganap sa mga kursong Panitikang Pilipino at Philippine Literature na isa ring asignaturang kailangang kunin ng mga mag-aaral sa iba-ibang kurso. Dahil dito, kailangan ang pag-uugnayan ng mga kinauukulan, puno/tagapag-ugnay ng mga kagawaran, upang pagpasiyahan ang bibigyang-diin sa bawat kursong nabanggit.

(2) Malayang makapagpapasiya ang guro kung sa anong panahon ng panitikan dapat simulan ang pagtuturo. Maaaring simulan sa Kasalukuyang Panahon, pabalik, o vice versa.

(3) Sa pagpili ng mga paksa at gawain sa bawat panahon ng panitikan, gamitin ang deskrisyon ng guro sa pakikipagsanggunian sa puno, batay sa kakayahan ng mag-aaral, mga sangguniang makukuha at iba pang kalagayan.

2. Hinihiling sa lahat ng kinauukulan ang kagyat na pagsasakatuparan ng Memorandum na ito.

(SGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

--

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
MEC ORDER: (No. 22, s. 1978)

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa Ilalim ng mga paksang sumusunod:

AMENDMENT
Course of Study, COLLEGIATE
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

(Kalakip sa Kautusang Pangministri Blg. 59, s. 1981)

## KARAGDAGANG BIBLIYOGRAPIYA


Abadilla, Alejandro G. Piniling mga Tula ni AGA. San Juan, Rizal: Limbagang Pilipino, 1965.

Alejandro, Rufino. Sining at Pamamaraan ng Pag-aaral ng Panitikan. Manila; Philippine Book Company, 1978.

Arenas, Petra V. et al. Makabagong Pananaw sa Wika at Panitik. Manila: Rex Book Store, 1976.

Belvez, Paz at Nicasio, Paz N. et al. Panitikan Natin. Manila: Vibal Publishing Co., 1981.

Deveza, Eduardo T. at Guamen, Fructuosa C. Panitikang Pilipino. Quezon City: G.M.C. Publishing Corporation, 1980.

Gabriel, Lamberto Ma. Harana sa Pagkakaisa. Vol. III. Malolos, Bulacan: Bulacan Press, 1980.

____________________. Panitikan: Diwa at Buhay. Manila: Alemars, 1979.

Nicasio, Paz N. at Sebastian, Federico B. Sariling Panitikan (Pahapyaw na Kasaysayan). Manila: Rex Book Store, 1981.

Pineda, Ponciano B.P., Pineda, Gertrudes R., at Ongoco, Tomas C. Ang Panitikang Pilipino sa Kaunlarang Bansa. Caloocan City: Philippine Graphic Arts, Inc., 1979.

Sauco, Consolacion P. et al. Panitikan para sa mga Kolehiyo at Pamantasan. Manila: Bookman, 1978.

Talaang Ginto sa Tula: 1963-1969. Manila: Surian ng Wikang Pambansa, 1971.

Talaang Ginto sa Tula: 1972-1979. Manila: Surian ng Wikang Pambansa, 1980.

Tiangco, Norma at Buensuceso, Teresita. Panitikang Pilipino: Pahapyaw na Kasaysayan at mga Piling Katha. Manila: University of Santo Tomas Printing Office, 1981.

Torres-Yu, Rosario, ed. Panitikan at Kritisismo. Manila: National Book Store, 1980.